Mga Social Security Number para sa mga Hindi Mamamayan

Ano ang nasa loob

Kailangan ba ng isang hindi mamamayan ng Social Security number (SSN, acronym sa Ingles)?	1
Paano ako makakakuha ng Social Security number at card?	2
Ano ang dapat isumite sa tanggapan ng Social Security?	2
Kailan ako dapat mag-apply?	3
Magkano ang gagastusin sa pag-aapply para sa Social Security number at card?	3
Paano kung kailangan ko ng numero para sa iba pang mga rason maliban sa trabaho?	3
Pakikipag-ugnayan sa Social Security	4

Kailangan ba ng isang hindi mamamayan ng Social Security number (SSN, acronym sa Ingles)?

Maliban kung ikaw ay hindi mamamayan na nais magtrabaho sa United States, hindi mo kailangan ng Social Security number.

Karaniwan, ang mga hindi mamamayan lamang na awtorisado ng Department of Homeland Security (DHS, acronym sa Ingles) na magtrabaho sa United States ang maaaring kumuha ng Social Security number. Ang mga Social Security number ay ginagamit upang iulat sa gobyerno ang mga kita ng isang tao at upang malaman kung ang isang tao ay karapat-dapat para sa mga benepisyo ng Social Security. Kailangan mo ng Social Security number upang magtrabaho, mangolekta ng benepisyo ng Social Security, at makatanggap ng iba pang serbisyo ng gobyerno.

Ang mga hindi mamamayan na tinanggap ng batas ay makakukuha ng maraming benepisyo at serbisyo nang walang Social Security number. Hindi mo kailangan ng numero upang kumuha ng lisensya, magrehistro sa paaralan, makakuha ng pribadong insurance sa kalusugan, o mag-apply para sa mga programa sa pagkain sa paaralan o pabahay na may subsidiya.

Gumagamit ang ilang organisasyon ng Social Security number upang matukoy ka sa kanilang rekord. Ngunit karamihan ay gagamit ng ibang paraan ayon sa iyong hiling.

Hindi kami maaaring magtalaga ng Social Security number para lang makakuha ka ng lisensya sa pagmamaneho o makakuha ng serbisyong kailangan ng pagsusuri sa kredito.

Bagama't maraming kumpanya, tulad ng mga bangko at kumpanya ng kredito, ang maaaring humingi ng iyong Social Security number, hindi mo ito kailangang ibigay kung wala ka nito.

Paano ako makakakuha ng Social Security number at card?

Kung isa kang imigrante, may dalawang paraan ng pag-aapply:

- Maaari kang mag-apply sa iyong sariling bansa bago ka pumunta sa United States kapag naghahain ng aplikasyon para sa immigrant visa sa U.S. Department of State. Sa halos lahat ng kaso, kapag nag-apply ka para sa Social Security number at card kasama ng iyong immigrant visa application, hindi mo kailangang bumisita sa tanggapan ng Social Security sa United States. (Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang ***www.ssa.gov/ssnvisa***, nasa wikang Ingles lamang).
- Kung ikaw ay ligal na nasa United States, kailangan mong makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security. (Tingnan ang seksyon sa ibaba para sa kailangan mong isumite sa tanggapan ng Social Security).

Kung ikaw ay hindi isang imigrante, may dalawang paraan ng pag-aapply depende sa status ng iyong visa:

- Kung ikaw ay legal na nasa United States at planong mag-apply para sa awtorisasyon sa trabaho o legal na status bilang permanenting residente mula sa DHS, U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS, acromyn sa Ingles), maaari kang mag-apply para sa iyong Social Security number o kapalit na card. Maaari itong gawin sa iisang USCIS application Form I-765 (*Application for Employment Authorization*), o gamit ang Form I-485 (*Application for Lawful Permanent Residency or to Adjust Status*). (Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang ***https://www.ssa.gov/ssnvisa/ebe.html***, nasa wikang Ingles lamang).
- Kung ikaw ay legal na nasa United States at ang status ng iyong visa ay pinapayagan kang magtrabaho, kailangan mong makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security upang mag-apply.

Ano ang dapat isumite sa tanggapan ng Social Security?

Kailangan mong patunayan ang iyong pagkakakilanlan at status ng imigrasyon na awtorisado sa trabaho.

Upang mapatunayan ang iyong pagkakakilanlan at status ng imigrasyon na awtorisado sa trabaho, ipakita ang iyong kasalukuyang dokumento ng U.S. immigration at may-bisa na pasaporte. Kabilang sa mga tinatanggap na dokumento ng imigrasyon ang:

- Form I-551 (Lawful Permanent Resident Card, Machine-Readable Immigrant Visa).
- Admission stamp na nagpapakita sa uri ng pinahihintulutan ng pagpasok sa trabaho.
- Form I-94 (*Arrival/Departure Record*).
- Form I-766 (*Employment Authorization Document/EAD*).

Mga exchange visitor: Kung ikaw ay isang J-1 o J-2 exchange visitor, kailangan din naming makita ang iyong DS-2019, *Certificate of Eligibility for Exchange Visitor Status o EAD*. Kung ikaw ay isang J-1 student, student intern, o international visitor, kailangan mong magbigay ng sulat na mula sa iyong sponsor. Ang sulat ay dapat nasa sponsor letterhead na may orihinal na lagda na nag-awtorisa ng iyong trabaho.

Mga internasyonal na estudyante: Kung ikaw ay isang F-1 o M-1 student, kailangan naming makita ang iyong Form I-20, *Certificate of Eligibility for Nonimmigrant Student Status or Designated School Official (DSO, acronym sa Ingles)* letter. Para sa impormasyon sa iba pang dokumento na dapat ipakita ng mga estudyante, basahin ang International *Students and Social Security Numbers* (Publication No. 05-10181).

Kailangan mong patunayan ang iyong edad.

Kailangan mong ipakita ang iyong birth certificate kung mayroon ka nito o makukuha mo ito sa loob ng 10 araw ng trabaho. Kung hindi, tatanggapin namin ang ibang dokumento, tulad ng may-bisa na pasaporte o dokumentong mula sa DHS, bilang ebidensya ng iyong edad.

Kailangan mong kumumpleto ng aplikasyon.

Kailangan mong kumumpleto ng *Application for a Social Security Card* (Form SS-5).

Mahalaga: Lahat ng mga dokumento ay dapat orihinal o sertipikadong kopya mula sa pinanggalingang ahensya. Hindi namin tatanggapin ang mga photocopy o notaryadong kopya ng dokumento. Hindi rin namin tatanggapin ang resibo na nagpapakita na ikaw ay nag-apply para sa dokumentong iyon.

Maaari kaming gumamit ng isang dokumento para sa dalawang layunin. Halimbawa, maaari naming gamitin ang iyong DHS EAD bilang patunay ng iyong pagkakakilanlan at work-authorized immigration status. Ang iyong birth certificate o pasaporte ay maaaring magpatunay ng iyong edad. **Gayunpaman, kailangan mong magbigay ng dalawang magkahiwalay na dokumento**.

Kailan ako dapat mag-apply?

Kung hindi ka makapag-apply gamit ang isa sa mga form na nasa itaas, inirerekomenda namin na ikaw ay maghintay ng 10 araw makalipas ang iyong pagdating sa United States upang mag-apply para sa Social Security number upang mas maging madali ang pagberipika sa iyong DHS documents online. Pabibilisin nito ang proseso ng iyong aplikasyon para sa Social Security number.

Ipapadala namin ang iyong Social Security number card sa oras na nasa amin na ang lahat ng iyong impormasyon at beripikado na ang iyong mga dokumento sa mga tanggapang pinagmulan ng mga ito.

Magkano ang gagastusin sa pag-aapply para sa Social Security number at card?

Ang pag-aapply para sa Social Security number at card ay libre.

Paano kung kailangan ko ng numero para sa iba pang mga rason maliban sa trabaho?

Kung hindi ka awtorisado ng DHS na magtrabaho sa United States, maaari ka lamang kumuha ng Social Security number kung mapapatunayan mo ng kailangan mo ito para sa balidong hindi pantrabahong rason. Maaari itong mangyari, halimbawa, kung ang isang estado o pederal na batas ay nangangailangan ng iyong Social Security number upang makuha mo ang mga benepisyo kung saan ikaw ay mayroon nang karapatan.

Kung kailangan mo ng numero para sa mga layunin ng buwis, at hindi ka awtorisadong magtrabaho sa United States, maaari kang mag-apply para sa *Individual Taxpayer Identification Number* mula sa Internal Revenue Service (IRS, acronym sa Ingles). Bumisita sa IRS nang personal, o tumawag sa numero ng IRS nang libre, **1-800-TAXFORM** (**1-800-829-3676**), at humiling ng Form W-7, *Application For An Individual Taxpayer Identification Number*.

Kapag hiningi ng isang negosyo o ahensya ng gobyerno ang iyong Social Security number at hindi ka awtorisadong magtrabaho sa United States, tanungin kung maaari ka nilang kilalanin sa ibang paraan. Sa karamihan ng mga kaso, maaari mong makuha ang kailangan mong serbisyo o lisensya nang walang Social Security number.

Pakikipag-ugnayan sa Social Security

Mayroong iba't ibang paraan upang makipag-ugnayan sa amin, tulad ng online, telepono, at sa personal. Narito kami upang sagutin ang iyong mga katanungan at upang pagsilbihan ka. Sa higit 85 taon, ang Social Security ay tumulong na masiguro ang ngayon at bukas sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga benepisyo at pinansyal na proteksyon para sa milyun-milyong tao sa kabuuan ng kanilang buhay.

Bumisita sa aming website

Ang pinakamainam na paraan ng pagsasagawa ng Negosyo sa Social Security saan mang lugar ay online sa ***www.ssa.gov*** (nasa salitang Ingles lamang). Marami kang maaaring gawin.

- Mag-apply para sa Karagdagang Tulong gamit ang mga gastos sa plano ng iniresetang gamot ng Medicare.
- Mag-apply para sa karamihan ng mga uri ng benepisyo.
- Makahanap ng mga kopya ng aming mga publikasyon.
- Makakuha ng kasagutan sa mga karaniwang katanungan.

Kapag gumawa ka ng *my* Social Security account, mas marami ka pang magagawa.

- I-review ang iyong *Social Security Statement*.
- Beripikahin ang iyong kita.
- Mag-print ng sulat ng pagpapatunay ng benepisyo.
- Palitan ang iyong impormasyon ng direktang deposito (direct deposit).
- Humiling ng kapalit na Medicare card.
- Kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S.
- Humiling ng kapalit na Social Security card, kung wala kang mga pagbabago at nakikilahok ang iyong estado

Ilan sa mga serbisyong ito ay nasa salitang Ingles lamang. Upang matulungan kang magsagawa ng Social Security business, nagbibigay kami ng libreng serbisyo sa interpretasyon sa telepono o sa personal kapag ikaw ay bibisita sa isang tanggapan ng Social Security.

Tawagan kami

Kung wala kang access sa internet, nag-aalok kami ng automated na mga serbisyo sa telepono, 24 oras kada araw, 7 araw kada linggo. Tumawag sa amin nang libre sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung ikaw ay may kapansanan sa pandinig.

Sasagutin ng miyembro ng aming staff ang iyong tawag mula 8 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes, kung kailangan mo ng kausap. Para sa aming libreng serbisyo sa interpretasyon, manatili sa linya at manatiling tahimik habang kasalukuyan ang aming English voice automation prompts, hanggang sumagot ang aming representante. Ang representante ay makikipag-ugnayan sa isang tagasalin upang makatulong sa iyong tawag. Kung ang iyong nais mangyari ay hindi magawa sa tawag, gagawa kami ng appointment para sa iyo sa isang lokal na tanggapan ng Social Security at makipag-ugnayan sa isang tagasalin upang makatulong sa panahon ng iyong pagbisita. Hinihingi namin ang iyong pasensya sa mga abalang panahon dahil maaari kang makaranas ng mga abalang signal at mas matagal na paghihintay upang makausap kami. Nasasabik kaming mapagsilbihan ka.

Mag-iskedyul ng pagbisita sa tanggapan

Makikita mo ang pinakamalapit na tanggapan sa pamamagitan ng paglalagay ng iyong ZIP code sa aming webpage ng tagahanap ng tanggapan (nasa salitang Ingles lamang).

Kung ikaw ay magdadala ng mga dokumento, tandaan na ang mga ito ay dapat na orihinal o sertipikadong kopya na pinatunayan ng ahensyang nagbigay nito.

Securing today and tomorrow

Social Security Administration
Publication No. 05-10096-TL | September 2021 (March 2018 edition may be used)
Mga Social Security Number para sa mga Hindi Mamamayan
Social Security Numbers for Noncitizens (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito